Ibinigay ng Ama ang Panginoong Hesus hanggang kamatayan para sa ating mga kasalanan, at upang tayo'y mabilang na matuwid, siya'y muling binuhay. Dumalangin tayo:
gawaran mo kami ng patawad at kapayapaan.

— Mahabag ka sa iyong bayan, Panginoon.

Dinggin ang aming dalangin at kami'y iligtas habang inaamin ang aming mga kasalanan,
gawaran mo kami ng patawad at kapayapaan.

— Mahabag ka sa iyong bayan, Panginoon.

Winika ng iyong Apostol, "Kung dumami man ang kasalanan, lalo namang sumagana ang biyaya ng Diyos,"
patawarin mo ang aming pagtalikod.

— Mahabag ka sa iyong bayan, Panginoon.

Panginoon, kami'y nagkasala, nguni't kinikilala rin namin ang iyong walang hanggang pagkamaawain,
sa pagbabalik-loob, kami ay akayin.

— Mahabag ka sa iyong bayan, Panginoon.

Iligtas ang iyong bayang mula sa kanilang kasalanan, O Diyos,
gawin silang sa iyo'y maging kalugud-lugod.

— Mahabag ka sa iyong bayan, Panginoon.

Binuksan mo ang paraiso sa magnanakaw na sumasampalataya sa iyo,
huwag mong isara ang pintuan ng langit sa mga yumao.

— Mahabag ka sa iyong bayan, Panginoon.

*Ama Namin*

Ama namin, sumasalangit Ka
Sambahin ang ngalan Mo
Mapasaamin ang kaharian Mo
Sundin ang loob Mo
Dito sa lupa, para nang sa langit.
Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw.

